AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## GAMES
## Activity 51

| **Pambungad** |
|---|
| *Kumusta, kaibigan? Hahasain natin ang ating problem-solving, pisikal na skills, at imahenasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng ating game master ngayong araw. May level 1, level 2, at level 3! Handa ka na bang tanggapin ang pagsubok niya ngayon? Naniniwala kami sa 'yo, kayang-kaya mo 'to!* |

| **Games - Activity 51** |
|---|
| Mamilosopo! |
| Content Creator: Robyn Nicole B. Jereza |

**MAMILOSOPO!**
**GAMES FOR GR. 1 - HS - ACTIVITY 51**

**I. Pambungad** 🎯
MAMILOSOPO! 🧙 Pagnilayan at sagutin ang tanong! Puwede mo 'tong sagutin ng pa-seryoso, o pwede ding patawa! Kahit ano ang pwede sa ating Pilosopo! 🧙

**II. Level 1** 🎯
❤🧡💛💚💙💜
Hindi ka na nakakakita ng isang kulay. Anong kulay to? At bakit?

Isipin natin!
❤ - Pula ay kulay ng roses, ng Valentine's Day, at Pasko! Sure kang ayaw mong makakita ng kulay na pula?
🧡 - Kahel ang kulay ng iilang maliliit na bulaklak, ng oranges, ng mga ulam tulad ng kare-kare! Ayaw mong makakita ng kahel?
💛 - Dilaw ang kulay ng bituin, ng mundo sa kataasan ng araw, ng sunflowers, at bees, ng saging at Spongebob! Ayaw mong makakita ng dilaw?
💚 - Berde? Ayaw mong makakita ng berde? Ang kulay ng mga puno at halaman? Bakit?
💙 - Bughaw! Ang kulay ng langit, ng dagat, ng mga Facebook Messages! Ayaw mong makakita ng blue?

💜 - Lila! Kulay ng mga magagandang damit, bulaklak, at koral! Sibuyas, talong, at ubas! Ayaw mong makakita ng ganon kagandang bagay?

**III. Level 2** 🎯
Sino paborito ni Mama/Tatay/Lola/Lolo, bakit, at kung hindi ikaw 'yun, bakit dapat ikaw? 🤔👑

**IV. Level 3** 🎯
Kung ikaw ay maauna sa isang expedisyon pa punta sa planetang Mars, 🔴 at ikaw ang tagapamuno, ano ang una mong gagawin?
🏔 - Tuklasin ang planeta
🌾 - Umpisahin ang agrikultura
📚 - Magtatag ng isang ekuwelahan
👩🏽⚖ - Magsimula ng gobyerno
🎥 - Mag-document o isulat ang mga nangyayari
🏠 - Gumawa ng imprastraktura
🔒 - Siguraduhin ang seguridad ng lahat
🛸 - Tuklasin ang ibang planeta
❓ - O ano pa ba?

**V. Answer Key**
Walang tama o maling sagot! Enjoy lang! ❤

This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.